## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na ang Diyos ang pinakamakapangyarihan sa lahat? Paano mo magagawang ituon ang iyong pansin sa Kanya sa halip na sa mga pagsubok sa iyong paligid?
- Anong mga hadlang sa pangangaral ng ebanghelyo ang nararanasan mo? Paano nakatutulong ang kaalaman na may mga taong tutulong at mananalangin para sa iyo upang buong tapang kang magpatuloy sa pangangaral ng ebanghelyo?
- Sino sa iyong mga kaibigan at kapamilya ang kailangang makarinig ng ebanghelyo ni Jesu-Cristo? Mangakong buong tapang mong ipapangaral sa kanya ang ebanghelyo ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa komunidad ng iglesya na kinabibilangan mo. Ipanalangin na habang tinutupad ninyo ang misyon ng Diyos, patuloy Niyang palalakasin ang iyong pananampalataya.
- Hingin sa Diyos ang tapang upang maipangaral mo ang ebanghelyo sa kabila ng mga pag-uusig at paghihirap. Ipanalangin na buksan Niya ang iyong mga mata upang makita mo ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa iyong buhay.
- Ipanalangin na palambutin ng Diyos ang puso ng iyong mga kapamilya at kaibigan upang Siya ay maranasan din nila. Ipanalangin na makita ng mga tao ang kapangyarihan ng Diyos habang ipinapangaral mo ang ebanghelyo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

a new hope

# Panalangin para sa Tapang Ayon sa Kapangyarihan ng Espiritu

**WEEK 5**

## WARM-UP

- Ikaw ba ang uri ng tao na natutuwa sa mga paghamon? Bakit?
- Mag-isip ng isang gawain na madalas mong gawin kasama ang iyong mga kaibigan. Magkuwento tungkol dito.
- Magkuwento tungkol sa panahon na may ginawa ka na hindi ka kumportableng gawin. Paano ka nagkaroon ng lakas ng loob na gawin ito?

## WORD

*Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang bahay na kanilang pinagtitipunan. Silang lahat ay napuspos ng Banal na Espiritu at buong tapang na nangaral ng salita ng Diyos.* **MGA GAWA 4:31**

(Basahin din ang **MGA GAWA 4:23–30.**)

Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, sina Pedro at Juan ay nakapagpagaling ng isang lumpong pulubi at buong tapang na nangaral tungkol kay Jesu-Cristo. Subalit sila ay inaresto dahil sa pangangaral na *muling nabuhay si Jesus*, na *nagpapatunay na may muling pagkabuhay* (Mga Gawa 4:2). Pinalaya din sila, ngunit sinabihan na huwag nang magkuwento tungkol kay Jesus. Gaya nila, ang iba ring mga mananampalataya ay nakararanas ng paghihirap mula sa mga politikal at relihiyosong pinuno noong panahong iyon, subalit patuloy silang umasa. Napuspos sila ng Banal na Espiritu at *buong tapang na nangaral ng salita ng Diyos*. Tingnan natin ang Mga Gawa 4 upang malaman kung paano nila nagawang kumilos nang buong tapang.

## 1 Ang mga mananampalataya ay nagkaisa sa pananalangin.

*[23]Nang pinakawalan na sina Pedro at Juan, bumalik sila sa kanilang mga kasamahan, at ibinalita nila kung ano ang sinabi ng mga namamahalang pari at ng mga pinuno ng mga Judio. [24]Nang marinig iyon ng mga mananampalataya, nanalangin sila sa Diyos. . . .* **MGA GAWA 4:23,24**

Nagtipon ang mga mananampalataya sa Jerusalem nang palayain sina Pedro at Juan. Sama-sama silang nananalangin sa gitna nang mga pag-uusig na nararanasan nila. Nakatutuwa itong makita dahil walang isang disipulo na sinabing pinuno o dahilan kung bakit epektibo ang kanilang panalangin. Sa halip, ang pagkakaisa nila ay nagpalakas ng kanilang pananampalataya. Bakit mahalaga na nagkakaisa ang mga mananampalataya? (Juan 17:23)

## 2 Ang kanilang panalangin ay isang pagtawag sa Makapangyarihang Panginoon.

*Nang marinig iyon ng mga mananampalataya, nanalangin sila sa Diyos. Sinabi nila, "Panginoon na makapangyarihan sa lahat, kayo po ang lumikha ng langit, ng lupa, ng dagat, at lahat ng nasa mga ito."* **MGA GAWA 4:24**

(Basahin din ang **MGA GAWA 4:25–28.**)

Tinawag ni Jesus ang Kanyang mga disipulo upang mangaral ng ebanghelyo at tulungan ang mga tao sa lahat ng panig ng mundo na sumunod sa Kanya. Subalit ang mga politikal at relihiyosong pinuno ay tutol dito kung kaya't ang mga mananampalataya ay nakararanas ng mga pag-uusig at banta ng pagkabilanggo at kamatayan. Sa kabila nito, nakatuon sila sa Diyos, ang Lumikha ng langit at lupa, na gumagawa ng lahat ng Kanyang itinakdang gawin ayon sa Kanyang kalooban (Mga Gawa 4:28). Alam nila ang katotohanan na ang Diyos ang pinakamakapangyarihan at ito ay kanilang pinanghawakan—na Siya ang may ganap na awtoridad at kapangyarihan sa lahat ng bagay. Paano nakikita ang kapangyarihan ng Diyos sa iyong buhay? Paano ito nakapagbibigay ng hindi pangkaraniwang tapang?

## 3 Humingi sila ng tapang mula sa Diyos.

*[29]"At ngayon, Panginoon, pinagbabantaan nila kami. Tulungan n'yo kami na inyong mga lingkod na maging matapang sa pangangaral ng inyong salita. [30]Ipakita n'yo ang inyong kapangyarihan. Loobin n'yo na sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesus na inyong banal na lingkod ay mapagaling namin ang mga may sakit at makagawa kami ng mga himala at mga kamangha-manghang bagay."* **MGA GAWA 4:29,30**

Maaaring ipanalangin ng mga mananampalataya na alisin ng Diyos ang mga taong nagbabanta sa kanilang buhay at umuusig sa kanila. Subalit ang hiniling nila mula sa Diyos ay ang kakayahan na ipangaral ang Kanyang salita nang buong tapang at pagtitiwala. Kahit na may mga hadlang, nakatuon sila sa kanilang misyon at umasang tutulungan sila ng Espiritu ng Diyos. Malinaw sa kanila na ang mga pagtutol at pag-uusig ay bahagi na ng realidad sa mundo, ngunit ang kanilang misyon ay hindi pa rin nagbago. Alam nila na ang kanilang sakripisyo ay walang halaga kung ihahambing sa paghihirap ni Jesus upang sila, at tayo, ay makaranas ng buhay na kapiling Siya—at handa silang magdusa para sa Kanya. Ang Diyos ay tumugon sa pamamagitan ng pagpuspos sa kanila ng Banal na Espiritu, at patuloy nilang ipinangaral ang ebanghelyo—ang pag-asa ng buong sangkatauhan—nang buong tapang. Nakaranas ka na ba ng mga hadlang sa pangangaral ng ebanghelyo? Paano ka tinulungan ng Banal na Espiritu sa gitna ng mga ito?